# Tanungin mo ako ng kahit ano tungkol sa pagkakalantad sa tingga.



VDH VIRGINIA DEPARTMENT OF HEALTH

## Alamin kung ano ang dapat bantayan at kung ano ang gagawin kapag pinaghihinalaang nalantad sa tingga.

### Bakit parang buwaya?

Ang lumang pintura na kumukupas at nagbabalat ay may anyong parang kaliskis, na minsan ay tinatawag na "pagbibitak-bitak na parang balat ng buwaya." Karaniwang pinagmumulan ng pagkakalantad sa tingga ang mga piraso ng lumang pintura.

### Ano ang ilan sa mga epekto ng pagkalason sa tingga?

Maaaring magdulot ang tingga sa dugo ng pagkaantala sa pag-unlad, hirap sa pagkatuto, at mga problema sa pag-uugali. Maaaring maging permanente at magdulot ng kapansanan.

### Ano ang maaari kong gawin upang maprotektahan ang aking pamilya?

Ipasuri ang mga bata kung may panganib silang malantad sa tingga, lalo na kapag edad 1 at 2. Nakatira sa lumang bahay? Ipasuri ang tubig mula sa gripo kung may tingga. Dalasan ang pagpupunas gamit ang mop at basang tela. Hugasan nang regular ang mga kamay at laruan ng iyong mga anak. Patuluin ang tubig ng 60 segundo bago gamitin, at magluto gamit lamang ang malamig na tubig.

### Ano ang mga pinagmumulan ng pagkakalantad sa tingga?

Bukod sa lumang pintura, kabilang sa karaniwang pinagmumulan ang tubig mula sa mga lumang tubo na gawa sa tingga, lupang kontaminado ng tingga, at ilang imported na laruan at alahas.

### Okay lang ba ang kaunting pagkakalantad sa tingga?

Hindi. Mahalagang tandaan na walang ligtas na antas ng tingga sa dugo. Kahit ang mababang antas ng tingga sa dugo ay maaaring magdulot ng pangmatagalang pinsala.

### Sino ang may pinakamataas na panganib sa pagkalason sa tingga?

Sa kabuuan, ang mga batang wala pang 6 na taong gulang ang may pinakamataas na panganib dahil madalas nilang isubo ang mga bagay sa kanilang bibig sa mahahalagang taon ng kanilang paglaki. Maaaring magtagal ang mga negatibong epekto nito.

**Matuto pa:** Para sa higit pang kapakipakinabang na impormasyon tungkol sa pagkalason sa tingga, bisitahin ang **vdh.virginia.gov/leadsafe**